# Pagpupugay kay Leo Rimando at ang Kasaysayan ng Dula ng Paghulagpos sa UP Los Baños

*Dexter B. Cayanes*

Pangunahing personahe at bukal ng personal na kasaysayan sa larangan ng dula sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) si Leo Rimando (1933-2006). Bahagi siya ng dinamikong proseso ng pagbabago o transpormasyon ng dula sa Pamantasan. Naging tagapagtaguyod siya ng makabayang dula bagaman hindi pa opisyal na kinikilala bilang "Ama ng Dula sa UP Los Baños" (Sevilla 1998). Ang bakas ng kaniyang pagtahak sa dulaan ay sumasakop sa halos kalahating siglo ng kaniyang pagkahubog at partisipasyon dito. Masasabi pang ang muhong tulad niya, tulad ng panandang kasaysayan sa larangan ng dula ay nasa bingit ng pagkaligta sa kamalayan ng mga batang mandudula at manunulat sa akademya. Ang papel na ito ay isang paggunita at pagpupugay sa kaniya.

## Ang mulaan

Sa maliit na bayan ng Naguilian, La Union ipinanganak si Leo Rimando noong 26 Agosto 1933 sa mag-asawang Apolinario S. Rimando at Teodora Cacdac. Isang magsasaka at administrador ng paaralan ang kaniyang ama na gradwado ng digring batsilyer sa UP Manila noong 1920. Itinaguyod niya ang pamilya, na binubuo ng apat na anak na lalaki at tatlong babae, sa pamamagitan ng pagtatanim ng tabako. Samantala, ang kaniyang ina ay anak ng gobernadorcillo sa La Union at nagtapos sa Instituto de Mujeres sa Maynila. Si Leo Rimando ay bunso sa apat na lalaki.

Nagsimula ang hilig ni Rimando sa dula nang siya ay tumuntong sa hay-iskul. Naging bahagi siya ng mga dulang operatta sa Naguilian Academy. Dito, pinagbidahan niya ang mga dulang musikal na *Daughters of Mohammed, Moon Maiden,* at *Bells of Barcelona*. Bahagi ang presentasyon ng mga dula sa mga aktibidad sa kaniyang eskuwelahan. Ipinapalabas ang mga ito sa isang lumang simbahan na winasak ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ayon sa kaniya, bagama't ang kapayatan ay desbentahe bilang aktor, napupunan naman ito ng kalidad ng kaniyang boses.